California Public Utilities Commission

Gabay para sa Proteksyon ng Mamimili ng Solar sa California

Ang paglalagay ng mga solar panel at/o baterya sa iyong bahay ay isang mahalagang desisyong pinansiyal. Huwag lagdaan ang kontrata hangga't hindi mo nababasa at nalalagdaan ang dokumentong ito!

Ang gabay na ito ay mula sa California Public Utilities Commission (CPUC), isang ahensya ng gobyerno na kumokontrol sa mga kompanya ng utility tulad ng Pacific Gas and Electric Company, Southern California Edison Company, San Diego Gas & Electric Company, Liberty Utilities, Bear Valley Electric Service, at PacifiCorp.

Ang mga mamimili ng mga kompanyang nabanggit sa itaas ay kailangang lagdaan ang gabay na ito para makakonekta ang isang residensyal na solar system sa electric grid. Inaatasan ng CPUC ang mga kompanyang ito na kolektahin ang iyong nilagdaang kopya ng gabay na ito upang masiguro na alam mo ang iyong mga karapatan at may sapat kang impormasyon para gumawa ng desisyon.

Pagiging Accessible ng Gabay

Available ang audio recording sa 855-955-1535.

Available ang mga bersyon ng audio sa Español, 中文, 한국어, Tiếng Việt, Tagalog, Armenian, Portuguese, at Dari sa 866-849-8390.

Alamin pa ang pinakamahuhusay na kasanayan sa paggamit ng solar.

Tingnan ang mas mahabang bersyon ng Gabay para sa Proteksyon ng Mamimili ng Solar sa California na may karagdagang impormasyon sa www.cpuc.ca.gov/solarguide. O gamitin ang camera ng iyong mobile device para pumunta sa link sa pamamagitan ng QR code sa ibaba:

Inilathala noong Oktubre 2025

Kung sa palagay mo ay naging biktima ka ng pandaraya sa solar o ipinagkait sa iyo ang alinman sa mga karapatan sa susunod na pahina, maaari kang magsampa ng reklamo laban sa isang kontratista o salesperson ng home improvement sa Contractors State License Board (CSLB) sa 800-321-CSLB (2752) o www.cslb.ca.gov/consumers.

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng pinansiyal na pandaraya, bisitahin ang www.dfpi.ca.gov/file-a-complaint.

Alamin Ang Iyong Mga Karapatan

May karapatan ka...

... na basahin ang buong gabay na ito bago lagdaan ang kontrata.

Inirerekomenda ng CPUC na ibigay ng mga solar provider ang gabay na ito sa panahon ng kanilang unang pakikipag-ugnayan sa mga potensyal na mamimili. Huwag kang ma-pressure na basahin ang gabay na ito habang naghihintay ang salesperson. Hilingin sa kanila na bumalik na lamang sa ibang araw upang magkaroon ka ng panahon na basahin ito.

... sa isang kopya ng kontrata sa solar at kasunduan sa pagpopondo sa wikang ginamit ng salesperson nang kinausap ka niya.

Kung ang isang solar provider o salesperson ay lumapit sa iyo para bentahan ka ng mga solar panel at kinausap ka gamit ang ibang wika bukod sa Ingles, dapat nilang ibigay sa iyo ang isang kopya ng kontrata sa wikang iyon. Gayundin, kung mas gusto mong basahin ang gabay na ito sa Armenian, Chinese, Dari, Korean, Portuguese, Espayol, Tagalog, o Vietnamese, dapat ibigay sa iyo ng solar provider o salesperson ang gabay na ito sa wikang iyon.

... sa isang Dokumento ng Pagsisiwalat para sa Solar (Solar Disclosure Document) mula sa provider ng ioyng solar.

Ayon sa batas, dapat ibigay sa iyo ng isang solar provider ang isang kumpletong Dokumento ng Pagsisiwalat para sa Solar Energy System na ginawa ng Contractors State License Board (CSLB). Ipinapakita ng dokumentong ito sa iyo ang kabuuang gastos para sa solar energy system at iba pang mahahalagang pinansiyal na impormasyon. Available ang blangkong bersyon ng dokumentong ito sa cslb.ca.gov/ consumers/solar_smart.

... sa isang 3-araw na panahon ng pagkansela ng kontrata pagkatapos lagdaan ito.

Mayroon kang hindi bababa sa tatlong araw ng trabaho upang kanselahin ang iyong kontrata para sa anumang dahilan, o 5 araw kung ikaw ay 65 taong gulang pataas. Maaari mong kanselahin ang kontrata sa pamamagitan ng pag-email, pagpapadala sa koreo, fax, o paghahatid ng abiso sa iyong solar provider bago maghatinggabi ng ikatlong araw ng trabaho matapos mong matanggap ang nilagdaan at may petsang kopya ng kontrata. Tandaan na may iba't ibang alituntunin na maaaring ipatupad sa mga kontratang napagkasunduan sa lugar ng pagnenegosyo ng isang kompanya.

Mag-ingat sa Mga Hindi Totoong Pahayag

Karamihan sa mga solar provider ay tapat at patas. Gayunpaman, kung sinabihan ka ng salesperson ng isa sa mga hindi totoong pahayag na ito, huwag makipag-negosyo sa kanila.

Hindi Totoong Pahayag	Ang Katotohanan
Maaari kang makakuha ng libreng solar energy nang hindi ka gumagastos.	**Bihira ang libreng solar energy. Ang isang tapat na kompanya ay magiging bukas tungkol sa lahat ng gastusin na babayaran mo sa paglipas ng panahon.** Maaaring may ilang eksepsyon para sa mga kwalipikadong may-ari ng bahay na may mababang kita at residensyal na propyedad na nakikibahagi sa Disadvantaged Communities – Single family Solar Homes (DAC-SASH) na programa para sa mga kwalipikadong may-ari ng bahay sa mga disadvantaged community, o sa Self-Generation Incentive Program (SGIP). Pumunta sa www.cpuc.ca.gov/solarguide/lowincomesolar para malaman kung kwalipikado ka.
Hindi mo na kailanman babayaran ang iyong bill sa kuryente pagkatapos ma-install ang isang solar system.	**Ang paggamit ng solar ay nakababawas sa, ngunit hindi nito tuluyang inaalis, ang iyong buwanang utility bill.** Ang mga mamimili na kumuha ng solar loan o lumagda ng isang kasunduan sa pag-upa o pagbili ng kuryente ay makakatanggap din ng buwanang bill mula sa kompanya ng loan o solar provider.
Kailangan mong lagdaan ito ngayon para makakuha ng solar.	**Hindi kailanman magmamadaling palalagdaan sa iyo ng isang tapat na salesperson ang anumang bagay nang hindi ka binibigyan ng panahon na suriin kung ano ang iyong lalagdaan.** Ipinag-uutos ng batas ng California na ipakita sa iyo ng isang salesperson ang mga termino ng kontrata bago mo lagdaan ito. Basahin nang mabuti ang lahat! Mayroon ka ring legal na karapatan na humiling na lagdaan ang isang de-papel na kopya ng dokumentong ito gamit ang sariling lagda.
Maaari mong pakinabangan ang mga credit sa pang-negosyong buwis sa solar kung ire-rehistro mo ang iyong sarili bilang isang LLC.	**Ang ibig sabihin ng pagkuha ng solar o imbakan sa isang residensyal na propyedad ay hindi ka kwalipikado para sa mga credit sa pang-negosyong buwis.** Ang sinumang nagsasabi sa iyo na magsimula ng isang limited liability company (LLC) para gawing solar ay sinusubukang kumbinsihin ka na gumawa ng isang ilegal na bagay at hindi ka dapat makipag-negosyo sa kanila.

Mga Inisyal ng Mamimili: _____

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng pandaraya sa solar o ipinagkait sa iyo ang alinman sa mga karapatan sa susunod na pahina, maaari kang magsampa ng reklamo laban sa isang kontratista o salesperson ng home improvement sa Contractors State License Board (CSLB) sa 800-321-CSLB (2752) o www.cslb.ca.gov/ consumers.

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng pinansiyal na pandaraya, bisitahin ang www.dfpi.ca.gov/file-a-complaint.

Bago Mo Lagdaan ang isang Kontrata

Tiyaking kumuha ng mga bid mula sa hindi bababa sa 3 iba't ibang solar provider. Tingnan kung paano magkumpara ng mga quote online at ikumpara ang mga bid na iyong nakuha. Tandaan na ang pinakamurang bid ay hindi laging ang pinakamagandang na opsyon para sa iyo. Ang isang napakamababang bid ay maaaring magpahiwatig na sinusubukan ng isang solar provider na tipirin ang gagamiting materyales na maaaring makaapekto sa kalidad nito. **Huwag mag-atubiling magtanong sa sinumang solar provider.**

Hilingin ang numero ng lisensya ng CSLB ng solar provider. Kung kinontak ka sa telepono o door-to-door na salesperson, hilingin ang kanilang indibidwal na numero ng rehistro bilang home improvement salesperson (HIS). Suriin ang (mga) numero upang matiyak na valid ito at nauugnay sa solar provider sa pamamagitan ng pagpunta sa www.cslb. ca.gov/consumers o pagtawag sa 800-321-CSLB (2752).

Ang Numero ng Lisensya ng CSLB ay:_____

(Kung naaangkop)
Ang Numero ng Rehistro ng HIS ay:_____

Dapat aktibo ang CSLB na lisensya at dapat may hawak na (mga) klasipikasyon ng lisensya na C-46 (Solar na Kontratista), C-10 (Elektrikal na Kontratista), at/o B (Kontratista para sa Pangkalahatang Gusali) upang makapag-install ng pang-residensyal na solar energy system.

“Bago Mo Lagdaan” na Checklist

Tiyaking nakumpleto mo ang mga item na ito bago mo lagdaan ang anumang dokumento!

Huwag lumagda ng anumang bagay kung sa palagay mo ay kailangan mo ng higit pang panahon upang magsaliksik o mag-isip-isip tungkol sa iyong desisyon.

- ☐ Magkaroon ng hindi bababa sa 3 alok para sa solar sa iyong bahay.
- ☐ Basahing mabuti ang lahat ng iba pang dokumento na ibinibigay sa iyo ng solar provider. Sa minimum, dapat kasama rito ang: 1) Dokumento ng Pagsisiwalat para sa Solar Energy System, 2) kontrata, at 3) mga pinansiyal na papeles.
- ☐ Tingnan kung kwalipikado ka para sa anumang programa sa solar para sa may mababang kita sa cpuc.ca.gov/solarguide/lowincomesolar na may malalakas na proteksyon sa mga consumer.
- ☐ Isaalang-alang na gawing mas energy efficient ang iyong bahay bago kumuha ng solar. Maaaring makatipid ka at maging mas abot-kaya kaysa sa pag-install ng solar.
- ☐ Bisitahin ang website ng Gabay para sa Proteksyon ng Mamimili ng Solar ng CPUC, www.cpuc.ca.gov/ solarguide, para sa karagdagang impormasyon kung ano ang dapat tingnan sa isang mahusay na provider at kung paano protektahan ang iyong sarili laban sa pandaraya.
- ☐ Humingi sa solar provider ng 3 customer reference at tawagan o bisitahin sila.
- ☐ Tingnan para matiyak na ang lisensya ng solar provider, at kung naaangkop, ang numero ng rehistro ng home improvement salesperson, ay kasalukuyan at valid sa Contractors State License Board sa: www.cslb.ca.gov/onlineservices/checklicenseii/checklicense.aspx
- ☐ Unawain ang timeline kung ano ang mangyayari pagkatapos mong lagdaan ang kontrata para sa solar.
- ☐ Kung kukuha ka ng storage para sa iyong baterya kasama ng iyong solar system, tiyaking nauunawaan mo ang iba’t ibang setting na maaaring i-set sa iyong baterya upang umangkop sa iyong mga layunin sa pinansiyal at kuryente. Hayaan ang iyong tagapag-install na ipaliwanag ang iba’t ibang opsyon kung hindi mo pa ito nagagawa.
- ☐ Unawain kung paano gagana ang iyong bill sa kuryente kapag nag-install ka ng solar o ng isang baterya. Hilingin sa iyong tagapag-install at/o sa kompanya ng iyong utility na ipaliwanag ito sa iyo.
- ☐ Tingnan para malaman kung nakalista ang iyong solar provider sa Public List of Non-Compliant Solar Providers ng CPUC sa: www.cpuc.ca.gov/solarpubliclist.
- ☐ Kung pinopondohan mo ang iyong system sa pamamagitan ng isang third party, hilingin sa lender, solar provider, o sa administrator ng programa na ipaliwanag ang kasunduan sa pagpopondo. Hanapin ang listahan ng mahahalagang tanong na dapat itanong sa www.cpuc.ca.gov/solarguide.
- ☐ I-save ang mga kopya ng lahat ng dokumentong iyong natatanggap. Kasama rito ang pag-download ng pisikal na kopya ng iyong mga dokumento sa iyong computer, o kahit na pagpi-print sa mga ito. Makakatulong ang impormasyon na ito kung ibebenta mo ang iyong bahay, kailangan mong palitan ang iyong bubong, o kung may anumang isyu sa pagkukumpuni o pagmamantini.

Lagdaan ang Gabay na Ito

Huwag kang ma-pressure na basahin ang lahat ng iyong dokumento habang naghihintay ang salesperson.

Maaari mong hilingin sa kanila na bumalik sa ibang araw para magkaroon ka ng panahon na basahin ang iyong kontrata at ang gabay na ito bago mo ito lagdaan. Mangyaring patunayan ang bawat pahayag sa ibaba sa pamamagitan ng paglalagay ng inisyal sa bawat linya. Kung hindi naaangkop sa iyo ang pahayag, sa halip ay isulat ang "N/A". Ang bawat kahon ay DAPAT naglalaman ng iyong mga inisyal o "N/A." Itala ang anumang tanong na mayroon ka.

Mamimili

Mangyaring patunayan ang bawat pahayag sa ibaba sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek sa bawat kahon. Kung hindi naaangkop sa iyo ang pahayag, isulat ang "N/A" sa kahon ng pahayag na iyon. Ang bawat kahon ay DAPAT na lagyan ng tsek o naglalaman ng isang "N/A."

___ Hindi pa ako pumasok sa anumang kontrata para sa solar na may lagda ng solar provider.

___ Ibinigay sa akin ng solar provider ang isang kopya ng 7-pahinang Gabay para sa Proteksyon ng Mamimili ng Solar bago nila kinolekta ang aking lagda sa ibaba.

___ Binigyan ako ng panahon ng solar provider na basahin ang buong 7-pahinang gabay na ito at bisitahin ang online na Gabay para sa Proteksyon ng Mamimili ng Solar ng CPUC (www.cpuc.ca.gov/solarguide).

___ Binigyan ako ng opsyon na lagdaan ang Gabay para sa Proteksyon ng Mamimili ng Solar na ito sa elektronikong paraan o sa pamamagitan ng sulat-kamay kung hihilingin ko ito.

___ Kung ako ay nilapitan bilang bahagi ng door-to-door sale at hindi tahasang humiling ng elektronikong format, ang kopya ng Gabay para sa Proteksyon ng Mamimili ng Solar ay ibinigay sa papel na format.

___ Binigyan ako ng pagkakataon ng solar provider na mabasa ang gabay na ito sa Espanyol, Chinese, Korean, Vietnamese, Tagalog, Armenian, Portuguese, o Dari kung nakipag-usap sila sa akin gamit ang isa sa mga wikang iyon.

___ Kung pipiliin kong lagdaan ang Gabay para sa Proteksyon ng Mamimili ng Solar sa elektronikong paraan, gagamit ako ng email address na ginawa at nakokontrol ko bago ang kasunduan sa pagbenta, pag-upa, o pagbili ng kuryente.

___ Natanggap ko ang isang Dokumento ng Pagsisiwalat para sa Solar Energy System, na naglilista ng mga pinansiyal na detalye ng aking solar at/o battery system.

___ Sa Seksyon 4 na "Energy Savings" ng Dokumento ng Pagsisiwalat para sa Solar Energy System, kung hindi nagamit ng solar provider ang aking data para sa isang-oras na interval ng paggamit ng kuryente, binigyan ako ng solar provider ng sapat na paliwanag kung bakit, at pinatutunayan ko na gumawa sila ng makatuwirang pagsisikap upang ma-access ang data na ito.

___ Nauunawaan ko na ang anumang pagtatantya na matatanggap sa aking potensyal na matitipid sa bill ng kuryente na hindi nakapaloob sa Dokumento ng Pagsisiwalat para sa Solar Energy System ay kinalkula gamit ang average na pagtaas ng rate ng kuryente na kinalkula ng CPUC, sa pinakamalaki. Maaari kong matagpuan ang maximum average na ito sa www.cpuc.ca.gov/solarguide, at maaari kong itanong sa aking tagapag-install kung anong rate ang ginamit sa anumang oras.

___ Humingi ako ng paliwanag sa aking kontratista para sa anumang pagtatantya ng matitipid sa bill na aking natanggap.

___ Ipinaliwanag ng solar provider at ibinigay sa akin ang dokumentasyon tungkol sa mga pananalapi ng pag-install na ito, kabilang kung magkano ang binabayaran ko ngayon, magkano ang babayaran ko bawat buwan, at kung paano makakaapekto ang anumang interes o pagtaas ng rate sa aking mga pagbabayad sa hinaharap.

Sa paglalagda, pinatutunayan ko na nabasa at nauunawaan ko ang Gabay para sa Proteksyon ng Mamimili ng Solar sa California. Pinatutunayan ko rin na ang impormasyon mula sa aking kontrata sa solar, interconnection application, Dokumento ng Pagsisiwalat para sa Solar Energy System, at/o kasunduan sa pagpopondo ay maaaring suriin at kolektahin ng mga state regulator upang matiyak ang pagsunod sa mga batas ng pagprotekta sa mamimili ng solar sa California.

_____ _____

Naka-print na Pangalan ng Mamimili Petsa

_____

Lagda ng Mamimili

Solar Provider

_____ _____

Pangalan ng Kinatawan ng Kompanya Petsa

_____ _____

Lagda ng Kinatawan Telepono ng Kompanya

_____ _____

Pangalan ng Kompanya Email ng Kompanya

_____ _____

Numero ng Lisensya ng CSLB Klasipikasyon ng Lisensya ng Kompanya ng CSLB